

**Preservation edition**

Mababang Paaralan ng Kameyama Nishi

Para sa mga magulang o tagapag-alaga

Principal

**Mga hakbang sa oras ng bagyo at iba pa  
【Malakas na hangin, Malakas na snow, Malakas na ulan at Baha】**

Kinakailangan po ang sapat na pag-unawa at naaayon na aksyon ng mga magulang kaugnay sa mga sumusunod.

Tala

1. **Kapag nag-isyu ng babala ng “Boufuu Keiho”** (malakas na hangin) at **“Boufuu setsu keihou”** (malakas na hangin at snow)

**Huwag papasukin sa paaralan.**

2. **Kapag kinansela na ang “Boufuu Keihou” (storm warning) at “Boufuu setsu keihou”**

|  |   |
|--|---|
| Kapag kinansela ang babala hanggang 7:00 Am                          | ◎Pagkatapos makumpirma ng mga magulang ang tiyak na kaligtasan, papasukin na sa paaralan ang estudyante tulad ng dati o normal na pagpasok sa paaralan.   |
| Kapag kinansela ang babala ng pasado 7:00 Am hanggang 8:30 Am.       | ◎Pagkatapos makumpirma ng mga magulang ang tiyak na kaligtasan, papasukin agad ang anak sa paaralan.<br>- Hindi ito ituturing na "late" kahit na late ang pagdating sa paaralan.<br>- Magkakaroon ng simpleng tanghalian at normal na klase.  |
| Kapag kinansela ang babala mula pasado 8:30 hanggang 11:00 ng umaga. | ◎ Sundin ang instruksyon ng komite na naka-talaga sa inyong lugar o ang [impormasyon mula sa school mail delivery system] ng paaralan. [Sundin ang naunang instruksyon na inyong natanggap at papasukin sa paaralan ang inyong anak pagkatapos niyong makumpirma ang tiyak na kaligtasan].<br>-Kasabay ng pakikipag-komunikasyon sa mga miyembro ng komite sa bawat distrito, ipapaalam sa pamamagitan ng [school mail delivery system o e-mail] ang oras ng simula ng klase at iba pa.<br>- Hindi ituturing na [late] kahit mahuli ang pagdating sa paaralan,<br>- Magkakaroon ng simpleng tanghalian at normal na klase kapag nagsimula ang klase sa kalagitnaan na ng umaga. |

3. **Kapag hindi pa rin kinakansela ang “Boufuu at Boufuu setsu keiho” sa oras ng 11:00 ng umaga.**

**Huwag papasukin ang estudyante sa paaralan.**

4. **Kapag ipinahayag ang “Boufuu at Boufuu setsu keihou” habang papunta sa paaralan.**

**Kaagad na pabalikin ang mga estudyante sa bahay. (Gagamitin ang school mail delivery system)**

5. **Kapag ipinahayag ang “Boufuu at Boufuu setsu keihou” pagkatapos mag-umpisa ng klase.**

|                         |   |
|-------------------------|---|
| Pangkalahatang hakbang  | ◎Ititigil ang klase at kaagad na papauwiin sa bahay ang mga estudyante. (gagamitin o magbibigay ng impormasyon sa pamamagitan ng [school mail delivery system])   |
| Kapag ito ay Mapanganib | ◎ Maghihintay muna ang mga estudyante sa paaralan, at pauwiin lamang sa bahay pagkatapos makumpirma ang sitwasyon. (gagamitin ang [school mail delivery system].) |

(Notes)

- ※Kapag nag-isyu ng Weather Emergency Warning (Kisyou Tokubetsu Keihou), ang isasagawang aksyon ay pareho lamang ng mga aksyon para sa **Boufuu at Boufuu setsu keiho** na nabanggit sa itaas.
- ※Bawat lugar magkakaiba ang kalagayan ng daan papunta sa paaralan at pauwi sa bahay kaya magsasagawa ng tamang aksyon at makikipag-ugnayan ang paaralan sa mga taong naka-talaga sa inyong lugar kapag inaasahan na ang panganib ng malakas na hangin, malakas na ulan, baha o pagkidlat kahit na walang isyu ng **“Boufuu at Boufuu setsu keiho”**.
- ※Tatawagan kayo ng “chiku iin” (mga taong naka talaga sa inyong lugar) kapag hindi gumana ang school mail delivery system dahil sa blackout o iba pa.
- ※Tatawagan kayo ng paaralan o ng “chiku iin” (mga taong naka talaga sa inyong lugar) kung sakaling hindi kayo naka-rehistro sa school mail delivery system.
- ※Ihanda ang mga kailangang gamit sa pag-aaral ng ayon sa “jikan wari” time table at papasukin sa paaralan kinabukasan ng pansamantalang pagsara ng paaralan dahil sa storm warning.